



Mga Paggamotsa COVID-19

Makakatulong ang mga bagong gamot na maiwasan ang malalang pagkakasakit

Ang U.S. Food and Drug Administration ay nagbigay ng pag-apruba o pahintulot sa pang-emergency na paggamit para sa iba't ibang paggamot para gamutin ang COVID-19. Ang mga gamot na ito ay para sa mga taong may banayad hanggang katamtamang sintomas na may mataas na panganib ng malubhang COVID-19. Ang mga gamot na ito ay nangangailangan ng reseta mula sa isang doktor o parmasyutiko. Dapat simulan ang paggamot nang hindi lalampas sa lima o pitong araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas, depende sa kung anong gamot ang inireseta.

Kung ikaw ay nasa malaking panganib at nagpositibo ka sa pagsusuri, makipag-ugnayan kaagad sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para magtanong kung naaangkop ba sa iyo ang mga paggamot laban sa COVID-19.



Mga gamutan

Oral na ibinibigay ang ilang paggamot. Ang iba ay ibinibigay sa pamamagitan ng intravenous infusion.

Tina-target ng mga antiviral na gamot ang mga partikular na bahagi ng COVID-19 virus at pinipigilan nitong makapagparami nang maayos ang virus.



Sino ang Nararapat?

Ang mga taong may mataas na panganib ng malubhang COVID-19 ay mga kandidato para sa therapeutics. Kabilang dito ang mga taong hindi nabakunahan, sobra sa timbang/napakataba, ang mga taong 65 pataas, ang mga may sakit sa puso, baga, atay, o bato, diabetes, pagbubuntis, demensya, kanser, hika, kapansanan, disorder sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot, o karamdaman sa kalusugan ng isip.



Pang-iwas na gamot

May pre-exposure na gamot para maiwasan ang impeksyon sa COVID-19. Ito ay magagamit na may reseta para sa mga taong may katamtaman hanggang sa malubhang immune compromise.

Ang mga paggamot sa COVID-19 ay hindi pamalit sa mga bakuna laban sa COVID-19. Hinihikayat ang lahat na maging up to date sa kanilang mga pagbabakuna sa lalong madaling panahon.

Karagdagang impormasyon na makukuha sa aspr.hhs.gov/COVID-19/Therapeutics